UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LIBRARY
FILIPINIANA SECTION
FEB 11 [illegible]

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO ZEDONG

ANG Bayan



Espesyal na Labas

Disyembre 26, 1980

NILALAMAN

Pahayag ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral
sa ika-42 Anibersaryo ng Muling Pagkakatatag ng
Partido Komunista ng Pilipinas

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Ipinagdiriwang ngayon ang Ikalabindalawang o Ikerenarye ng malingtatag na Partido Komunista ng Pilipinas. Labindalawang taon itong lipas ng tiwala at pag-asa sa malawak na masa ng sambayanan, ng kabayanihan't sakripisyo, ng sabnhalagang aral at pinaghirapang aga tagumpay. Sa loob ng labindalawang taon, nakaipon tayo ng napakayamang karanasang sapupunan natin para sa tuluy-tuloy na pagsulong ng demokratikong resolusyong tayan hanggang sa maningning na tagumpay.

Sa okasyong ito, suriin natin ang kasalukuyang kalagayan at iletag ang pangunahing mga tungkulin ng Partido. Pinapatnubayan tayo sa gawaing ito ng mga desisyon ng Ikavalong Plenum ng Komite Sentral ng Partido.

Sa esensya, umiiral pa rin sa bansa ang pangkalahatang kalagayan sa pulitika at ekonomya na hinarap ng Partido noong Ikatlong Plenum ng Komite Sentral. Nananatiling pangkalahatang panawagang pampulitika natin ang pagsusulong sa kilusang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista, at sentral na tungkulin ang pagdurog sa diktadurang EO-Marcos sa pamamagitan ng armadong demokratikong rebolusyon. Sa tungkuling ito nakatuon at napaimilbi ang lahat ng kasalukuyang pagsisikap natin. Dito rin nakasalalay ang katuparan ng mga saligang pambansa't demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.

Pero mayroon ding mga partikular na katangian ang kasalukuyang aitwasyon. Sa pagtugad sa ating mga pangunahing rebolusyonaryong tungkulin, dapat bigyan ng matamang pansin a' lubos na isaalang-alang ang mga partikularidad na ito.

Isa-isa natin talakayin ang mga pagbabagong ito, na napaimalang lumitaw noong 1977 at patuloy pang tumingkad nang sumunod na mga taon hanggang kasalukuyan: una, sa takbo ng kilusang masa; pangalawa, sa armadong pakikibaka; pangatlo, sa Partido't buong kilusang pambansa-demokratiko; pang-apat, sa pag-unlad ng ibang nagpusariling progresibong organisasyon; pang-lima, sa relasyon ng dalawang malaking paksyon ng mga naghaharing uri; at pang-anim, sa katayuan ng diktadura.

Ang Kilusang masa sa Kanayunan

Ang masaklay at masiglang pagsulong ng kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran ang una at pinakakapansin-pansing pagbabago nitong nakaraang ilang taon. Walang kapariis sa buong panahon ng paghaharing militar ang lawak at lalim na naabot ng kilusang masa, lalung nitong lumipas na dalawang taon. Kahit binabantaan, tinatakot at marahas na sinusupil, paulit-ulit na iginigiit ng mamamayan ang kanilang mga demokratikong karapatan; galit na tinututulan nila ang diktadura at ang napakaraming imposisyon nito. Mula sa dulong itaas hanggang sa dulong ibaba ng kapuluan, mapangahas na naglulunsad ng mga martsa't rali, welga, boykot at iba pang akayong masa ang mga manggagawa, magsasaka, estudyante at mga kualyado nila.

Sa kanayunan, may ilandang libo na ang magsasakang lumahok sa mga kampanyang masa na sumasaklaw ng buu-buong mga baryo, mga grupo ng baryo at maging ng ilang bayang magkakalapit. Pantihira ang bilis ng paglagamap ng militanteng kilusan sa maraming parte ng kanayunan na ngayon lang naabot sa loob ng napakahabang panahon. Sa pamamagitan ng mga akayong hayag o lihim, isinusulong ng masang magsasaka ang mga kampanya laban sa pagsasamantalang pyudal at mala-pyudal na matagal nang nagpapahirap sa kanila. Magtubunga na ang mga ito ng makatulihang biyaya sa mga magsasaka't mangagawang bukid sa maraming lugar; tulad ng hanggang 50 porsyento at mahigit pang pagbaba ng upa sa lupa, may ilandang porsyentong pagtaas ng sahod, pagbawas sa interes sa pautang, at paglago ng produksyon at mga simpleng anyo ng kooperasyon. Binigo rin ng masa sa nayon ang maraming tangka sa pangangkam ng lupa at napilitang pagpapalikas sa sakahan at tahanan. Ilang ulit na n[illegible] ang mga taganayon na [illegible]'t ibang rehiyon ng malalaking akayong protesta laban sa mga pagmamalupit at pang-abuso ng mga armadong kampo ng diktadura.

Sa nga pakikibakang ito, naremibang lumalabok at sumusuporta ang nga tagapoblasyon at tagasyudad, at epektibong naparating sa malaking bilang ng samahanan ang nga kimaing ng nga tagabaryo. Kasigasig na tinatangkilik ng masa sa kanayunan ang bukbong bayan at armadong pakikibaka. Landang bumalikat ang maraming mahahalagang gawaing bahagi ng pagbubukas at pagpapaunlad ng nga larangang gerilya, pagsuporta sa materyal na panpang lagas ng bukbong bayan, paninikluk sa pwersa ng kaway, pangangalap ng armas, at nga operasyong militar.

Kilusang masa sa kalunsuran

Muling lumalakas ang kilusang masa sa kalunsuran at nabuay itong sabayang sa pangkalahatang pagsulong ng pakikidigmang gerilya at kilusang masa sa kanayunan. Muling umabante ang kilusang masa na Maynila-Rizal pagkatapos malutas ang problema sa kanang oportunismo noong 1978. Sa ibang dyahad, nagpunibagong-sigla naman ang kilusang masa na humina at tumatay nang malaki pagkatapos ipatav ang paghaharing militar.

Higit na militanteng lumalaban ngayon ang masang manggagawa para sa mas matsas na sahod at karapatang magwelga. Patuloy na lumalakas ang malawak na kilusang nilikha nila para sa nga layuning ito. Naglulunsad ang nga manggagawa ng nga welga, petisyon at iba pang pakikibakang masa; at pinalalaganap nila ang ahitasyon tungkol sa nga isyu sa pabrika. Kasabay nito, lumalaki ang partisipasyon nila sa nga pampulitikang martsa't rali na sinasamahan ng nga nagsula sa ibang demokratikong uri at sektor ng lipunan, at dumarami ang nga manggagawang pumupunta sa kanayunan at tumirang lumalabok sa armadong pakikibaka.

Kahanga-hanga rin ang pag-unlad ng progresibong kilusang estudyante nitong nakaraang dalawang taon. Sa taong 1980 lamang, sahigit isang daang libong estudyante sa nga unibersidad, kolehiyo at hayskul sa iba't ibang parte ng Pilipinas ang nagboykot laban sa paulit-ulit na pagtataas ng bayad sa matrikula, panunupil sa nga karapatang demokratiko at akademiko, at tiwaling sistema ng edukasyon. Dahil sa lawak at lakas ng kilusang boykot, napilitang umatras nang kaunti ang diktadura at nga kapitalista sa edukasyon sa pagaingil sa nga estudyante ng dagdag na gastusin, at ibinalik sa maraming eskwelahan ang nga konsehe at pahayagan ng nga estudyante, kahit walang-tigil na tinatangkang limitahan ang nga karapatan ng nga ito. Mula sa nga pagkilos at isyu sa paaralan, mabilis na nakatungo ang nga estudyante sa mas maunlad na aksyong masa sa nga lansangan at pagdadala sa nga isyung di lamang kanila, kundi sa mas malawak na masa rin. Lumitaw at umunlad ang malaking bilang ng nga bagong kadre at aktibista na nanumbo sa kilusang estudyante at gumaganap ng iba pang mahahalagang tungkulin sa rebolusyon.

Sa pagsigla ng kilusang manggagawa, magsasaka at estudyante, sumenggayong lumaban ang iba pang progresibong sektor ng petiburgesya ng lunsod. Nagiging higit na aktibo ang nga progresibong propesyonal at maliliit na negosyante sa paggigit ng sariling nga karapatan at pagsuporta sa nga pakikibaka ng nga manggagawa, magsasaka at estudyante. Danang-dam ang ligalig sa lahat ng demokratikong uri't sektor ng lipunan.

Sinasalamin ng pagsulong ng nga pakikibakang masa sa kanayunan at kalunsuran ang malaking pag-igpaw sa organisasyon at kamulatan ng samahanan. Nasa bagong panahon tayo ng pagsibol ng iba't ibang tipo at anyo ng organisasyon ng masa. Di karaniwan ang sigasig ng masa sa pagtugon sa nga pagsisikap ng Partido na maorganisa sila. Sa nga nasasaklaw ng Partido lamang, mayroon nang ilandang libong samahanan ang epektibong napaunlad ng nga hayag at lihim na organisasyon. May marili ring pagsisikap ang ibang rebolusyonaryong grupo, bukod sa lumalagasap na pagkukusa ng masa mismo.

Kapupukaw sa pampulitikang pagkilos ang palaki nang palaking bilang ng samahanan at lumalalis ang pag-intindi nila sa pangangailangan ng sapagpasya't rebolusyonaryong pagiurog sa diktadura at sa buong naghaharing sistema.

Higit kailanman mula nang ipatav ang pagsalaring militar, tuwiran at lantang ibinakang ang kagat at partikular na nga ipinagtatalo ng iba't ibang demokratikong uri't sektor sa komprehensibo at matagalang nga layunin ng kilusang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista. Sa gantong kalagayan, natibay ang pundasyon para sa mas napangahas pang pagnulong Hindi lamang ng kilusang masa kundi pati ng iba'ng rebolusyonaryong puwersa at ng buong pakikibaka sa diktadurang EU-Marcos.

Ang magsalong na armadong pakikibaka

Isa pang mahalagang pagbabago nitong nakaraang ilang taon ang mabilis na paglaganap sa buong bansa at paniwalang pagtindi ng pakikidigmang gerilya. Mayroon nang nga pwersa at larangang gerilya ang Bagong Hukbong Bayan sa iba't ibang estratehikong bahagi ng kapuluan. Sa kasalukuyan, humigit kumulang 400 bayan ng 43 probinsya ang 27 larangang gerilya nito. Komprehensibong pinaunlad ang nga sangkap para higit pang lumaki at lumakas ang nga ito samantalang patuloy na inihahanda ang nga bagong sonang gerilya at pinalalawak ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Sa kabuuan, mayroon na ngayong solido at malapad na batayan para sa sistematiko at tuloy-tuloy na pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya. Bunga ito pangunahin ng walang-humpay na pagpupunyagi ng Partido at Bagong Hukbong Bayan, ayon sa matagalang plano sa pagsusulong ng digmang bayan sa Pilipinas.

Kung pag-usapan ang Bagong Hukbong Bayan, mahalati sa dalawang bahagi ang pambong mula ipatav ang pagsalaring militar. Hanggang noong kalagitnaan ng nakaraang dekada, dumaan ito sa maraming kahirapan at dumanas ng matitinding pinsala dahil sa malangis na panunalakay ng diktadura at mabigat na limitasyon sa karunasan, kaalaman, organisasyon, kagamitan at suportang masa. Paulit-ulit sa sinalakay ng kaaway ang nga unang larangang gerilya kaya lumiit ang saklaw ng halos lahat at mayroon pang tuluyang inilwan nang pansamantala. Sa mas marami'ng bahagi ng kanayunan naman, inilahanda pa lamang ang nga sonang gerilya sa napakahirap na kalagayan. Itinalaga para sa gawaing ito, sa nga lugar na kailangan sunang buhayin muli ang kilusang magsasaka, ang nga yunit pampropaganda na buksd sa malilit at kulang na kulang sa sandata ay salat din sa karunasan. Agad pa silang tinutugis, samantalang marami-daman, ng malaki't malakas na kaaway. Marami-ghang nadurog na bu-bunong nga yunit gerilya. Kakaunang riple ang napalitaw, pero marami rin ang nawala; kaya di gannong nagbago ang lakas sa riple ng hukbong bayan. Gayunman, untiunting nakapoosisyon tayo sa maraming lugar, pati sa Mindanaw.

Hindi inurungan ng Partido at hukbong bayan ang malalaking kahirapan at sakripisyo; nagpatuloy ang pagsisikap at pagkatuto sa armadong pakikibaka hanggang sa mas umiman nang mas uminan ang kalagayan mula 1977. Lumaki at lumakas ang nga binhing naitanim noong naunang nga taon; nabawi ang nga nawala at mabilis na nalampasan sa bilang at kalidad ang nga pwersang naipundar noon. Dumami nang mahigit dalawang ulit ang nga buong-panahong tauhan ng hukbong bayan, nang mahigit apat na ulit ang malalakas na riple; at lumawak nang marunding ulit ang kanasaklaw ng nga larangang gerilya. Naging mas madalas at mas matagumpay ang nga taktikal na operasiba. Dumilis ang pagsubo ng nga iskwad at platung gerilya na may mas mahusay na sandata. Inililipat ng diktadura ang papalaking bahagi ng kanyang armadong pwersa sa nga larangan ng hukbong bayan, pero napahanatiling malilit ang nga pinsala at patuloy na sumusulong ang nga gawain.

Ang armadong pakikibakang Moro

Gunagamap ang Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro-Hukbong Bayan Moro (MNLF-BMA) ng mahalagang bahagi sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa diktadurang EU-Marcos. Dumaan na rin ang MNLF-BMA sa nga pagsulong at pag-atras; at itinatwa ng iba't ibang senyales na patuloy itong magsamap ng malaking papel sa loob ng mahabang panahon. Mahahati samen sa tatlong panahon ang naging kalagayan ng MNLF-BMA mula nang ipatav ang pagsalaring militar. Noong unang nga taon, sumiklab sa maraming lugar sa gitna at timog-kanluranang Mindanaw ang pag-aalsa ng nga Moro at nagsiksik ang pakikidigma ng MNLF-BMA.

Mabilis na nakasabot ito sa matang-taas na antas ng oppresyong militar dahil sa angking mga bentahe sa suportang masa, pagsasanay at kagamitang militar, at suportang dayuhan. Itinatil nito ang kalakhan ng armadong puwersa ng diktadura. Noong 1974, unabot sa kasagsagan ang armadong pakikibaka ng Moro at sa mahigit sampung libo ang regular na tauhan ng BMA.

Noong kalagitnaan ng nakaraang dekada, dumanas ang BMA ng malalang pinsala sa mga labanan at bumaling sa mga taktikang gerilya. Sinundan ito ng pagtigil ng putukan at kasunduang Tripoli, na sinamantala ng diktadura para magpatatag ng posisyon sa Mindanao, garapalang sang-intriga, manghati at manalotay sa samahang Moro at mga pwersa ng MNLF-BMA. Lumalim ang tunggaling palasuko sa loob ng BMA, na pinalubha pa ng pagsusahawi sa pamunuan. Malaki ang inihina noon ng BMA. Noong 1978, muling sumigla ang pakikidigmang gerilya ng MNLF-BMA at napigil din ang paghina ng kanilang puwersa. Kahit patuloy ang problema sa mga sumusuko. Sa kasalukuyan, muling lumaki at lumalakas ito kahit hindi pa nasabot ang katayuan noong 1974. Kumatili ang MNLF-BMA na tanging hukbong lumalaban sa diktadura sa siyam na probinsya at may pwersa ito sa ania pang probinsyang kinikilusan din ng AFP.

Gumanap ng susing papel ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka para pamatilihing matatag ang diwang palaban ng samamayan lalum noong hindi pa sumisigla ang kilusang masa. Kung wala ito, hindi malayong mas-malaki pa ang pinsalang tinamo ng rebolusyonaryong kilusan at ilang ulit pang naging mahirap at matagal ang muling pagsulong. Napagpasya ang papel ng armas sa pangkalahatang pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibaka nitong nakaraang ilang taon. At tiyak na mas malaki pa ang gagampanan nito sa hinaharap na mas maunlad na antas ng pakikibaka sa diktadura.

Ang Partido at ang Kilusang Pambansa-Demokratiko

Ang ikatlong mahalagang pagbabago sa sitwasyon ay ang komprehensibong paglaki at paglakas ng Partido at Kilusang Pambansa-Demokratiko. Para sa Partido at Kilusang Pambansa-Demokratiko, ang mga taong mula 1977, sa kabuuan, ay panahon ng pag-alpas sa kagipitan, at ng masiglang pagsulong. Malaki man kawalan ang pagkabihag nina Kasamang Amado Guerrero at Kasamang Dante, hindi napigil ng pasistang diktadura ang mabilis na paglakas ng Partido, Bagong Hukbong Bayan at kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran. Umani tayo ng makabuluhang mga tagumpay sa iba't ibang larangan ng pagniniksp at lugar. Lumaki nang limang ulit ang kasapian ng Partido. Nabuo ang marami-rami ang mga grupo ng Partido sa mga baryo, pabrika, eskwelahan, komunidad at opisina; at napalakas ang mga komite ng Partido mula sa pambansang antas hanggang sa antas ng sekayon. Sa halos lahat ng rehiyon, lumawak at tumatag ang organisasyon ng Partido't hukbong bayan at ang mga organisasyong masa. Dumanas tayo ng mga pinsala, pero hindi na kasinlaki at kasinlubha noong unang mga taon ng paghaharing militar.

Lahatang-panig ang naging pag-unlad ng Partido at Kilusang Pambansa-demokratiko nitong nakaraang apat na taon. Ito ang isang tempok na dahilan ng masiglang pagsulong sa panahong ito at ng malaking tiwala natin sa mas masigla pang pagsulong sa hinaharap. Naging mahusay ang pagbabalanse at pagkakoordina sa iba't ibang gawain at lugar. Sa kabila ng ilang likas na di pagkakapantay-pantay, magkakangapay na umunlad ang gawain sa kanayunan at kalunsuran, sa iba't ibang rehiyon, sa armadong pakikibaka at kilusang masa, sa kilusang lihim at hayag, sa loob at laban ng Partido, sa pag-organisa at ibang gawain, sa edukasyon at ibang gawain sa araw-araw, at sa konsolidasyon at pagpapalawak. Gayumpaman, malaki pa ang magagawa para lalong mapahusay ang bagay na ito.

Mula 1973 hanggang 1976, dumaan sa mahigpit na pagsubok ang iba't ibang bahagi ng organisasyon ng Partido at Kilusang pinamumunuan nito. Kabubo pa lamang at sinasanay ang karamihan ng mga organisasyon ng Partido sa mga rehiyon nang magbasik ang pasistang diktadura ng puting lagim sa buong bayan.

Kilang sa ambisyong durugin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan, pusilit-ulit na sumalakay ang diktadura. Habang unilag na salakay sa kanay, naremhang inilipat na kanayunan ang pwersa ng Partido na nghahanda na salu-suran, para magtatag ng nga bagong sonang gerilya at tumulong sa paggpalakas sa nga dati; samantalang ang nga naiwan ay nagpursigi na kilusang libis, kumbok at nag-aral ng nga bagong paraan ng pagkilos. Nang nga lang ito, naremi tayong liniltasyon na karanasan, organisasyon, kagudtan at iba pang pangangailangan. Kaya higit eating inunde ang mhangis na paraalay ng kanay.

Pero sa kabila ng nga pinsala at kabigan, iginadite ng nakaraanang kadre at kasapi ng Partido at Pulang sandirigma ang di natitinag na katapatan at pagtitivala sa rebolusyonaryong adhikain. Napresorba ang kas salakang bahagi ng pwersang pinasumunan ng Partido at napalitan ang nga bagong pwer-sang pumalit sa nawala. Napanga: ang rebolusyonaryong kilusan sa marami bahagi ng kanayunan na dating hindi naabot. Sa Kapalla-Rizal, nagpursigi ang Partido na pagnapalawak na kilusang libis at pagsubok na mailisit na akayong mang. Noong 1975 at 1976, naganap na ang ilang wugso ng welga't demonstrasyon.

Higit sa lahat, sa panahong ito ng mahigpit na pagsubok at maigting na labanan, nakahalay ang Partido ng napakahalagang nga aral at higit na natuto sa pundamental na nga pangangailangan at pamamaraan ng iba't ibang pangma-hing linya ng rebolusyonaryong gawain sa kanayunan at kalunsurap. Tumman ang karunanan at kaalaman ng Partido sa nga partikular na katangian at pangangailangan ng digmang bayan sa Pilipinas. Nilagom ang nga ito ng Ikatlong Plenum ng Komite Sentral at ng akdang "Nga Partikular na Katangian ng Digmang Bayan sa Pilipinas" ni Kasamang Asedo Guerrero. Nang sumunod na nga taon, mas malinay na ang pag-unawa natin na ating nga rebolusyonaryong tungkulin at bunga nito, natatag tayong nakalipas na kalagayang gipit at nakasulong nang mas mabilis.

Ang pag-unlad ng ibang progresibong organisasyon

Ang ikaapat na pagbabago sa sitwasyon ay ang pag-unlad sa pulitika at organisasyon ng ibang nagsasariling progresibong organisasyon at ang paglapit ng relasyon natin sa kanila. Sa pamamgitan ng sarili at magkakahiwalay na pagkukusa, umunlad at lumalakas ang Partido't kilusang pinamumunan nito at ang MNLF-BMA. Gayundin ang ibang mas mallilit na progresibong organisasyong lumitay sa panahon ng paghaharing militar. Pero higit na batid ngayon ng bawat isa na kailangan ang malawak na koordinasyon at kooperasyon bukod sa nagsasariling pagsikap.

Mula't sapul, naindigan at nagalkap ang Partido para napahigpit ang pagkakaisa ng lahat ng rebolusyonarye't progresibong pwersa sa bansa. Pero limitado lamang ang naging ugnayan noon sa ibang nagsasariling organisasyon dahil wala pa ang ilang kinakailangang kondisyon. Ngayon, bunga ng naipong mayamang karanasan sa paglaban sa diktadura, mabilis na umunlad, lalung sa pulitika, ang iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon. Higit ding malakas ang Partido at kitang-kita sa gawa ang katatagan nito at kakayahang maka-pangihabay sa malalaking kahirapan. Sa kabuman, mas malawak ang bataysan at mas mainam ang kondisyon para palawakin at patibayin ang ugnayan at pagtuta-lungan ng nga rebolusyonaryong pwersa sa bansa. Sa katunayan, mayroon nang tiyak na nga hakbang tungo rito.

Pagkatapos ng mapait na karanasan sa kasunduang Tripoli at katunghan ng rehimeng Marcos, muling pinasigla ng MNLF-BMA ang armadong pakikibaka para sa karapatan ng samamayang Moro na magpasya sa sarili. Noong huling bahagi ng 1977, itinakvil nila ang kasunduang Tripoli at naglunsad sila ng nga operasyong gerilya lalung sa nga probinsya ng Zamboanga, Cotabato, Basilan, Sulu at Tawi-tawi. Nang sumunod na taon, tinukoy ng MNLF-BMA ang imperyalis-mong EU bilang kaaway ng samamayang Moro na tumatalong, nag-aarmas at nakikinabang sa diktadurang Marcos. Sinang-ayunan din ng MNLF-BMA ang pangangailangan ng nagkakaisang prente ng nga progresibong pwersa sa bansa para napabagsak ang diktadura. Kamakailan, lalo pa nilang itinain ang kaha-lagahan ng pursigidong pagsusulong na armadong pakikibaka para makamit ang pambansang karapatan ng nga Moro.

May paperebba ang nagsiyag na Partido at ng NPA na ilang taon-taong lagang wapis. Dyanang ibig ito kasunod ng pataas ng pagtaas ng pakiki-pagkolabores na ilang nagsasarili na pagsiklab sa Pilipinas. Ang ibig pang pag-usbong ng nagsiklab ang relasyong ito ay nawalang mas malaki na pataas na politikal na kapraktikang prosesa sa pakikibaka ng NPA at pataas na repolusyonaryong praktikal na gawain ay lalo at labas ng bayan.

Ang iba pang nagsasarili pagsasang organisasyon ay nabuo sa sydad para ang pagsa at sanib sa kanayunan ang ilan. Sa kasuan, sumasa porta at suporang-sya. Sila sa pakikibaka ang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista, at interesadong sakipagtulungan sa Partido at kilusang pambansa-demokratiko. Nakasama na rin sila ng nga pagsang pinamumunan ng Partido sa ilang siyang kasa sa kalunsuran. Kahit walang at sabila pa ngayon, malaki ang posibilidad na lumaki at lumakas sila sanay ang pagsyang sa rebolusyonaryong pakikibaka. Kailanga ang partisipasyon sila para mapelawak pa ang magkakalang pronto.

Gunap nang nahati ang Nagkakalang Partido Demokratikong Sosyalista at sula dito'y lumitay ang isang bagong organisasyon na nagtatakwil sa talamak na anti-komunismo, pagkahaling sa reakyonaryong politika, at nga kangarotang ideya ng nga nasa kanan. Binubuo ang bagong organisasyon ng nga ang malapit na ugney sa nasa sa kalunsuran at kanayunan at interesado na pagsang pakiki-bakang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista. Kinikilala din sila ang kahalagahan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ng pambansang pagpapalawak. Nagagalak ang Partido na pagsasarili ng organisasyong ito at handa tayong sakipagtulungan sa kanila para higit pa silang lumaki at lumakas.

Ilang grupo at lideres na rin ang humiwalay na tulyang-nabulok sa organi-sasyon ng nga umangkin sa pangalan ng lumang pinagsanib sa partido. Bukod sa "Grupong Marxista-Leninista" na humiwalay noong 1973 dahil sa pagsuko at pakikipagkolaboreyt ng pamunang Macapagal-Magallona sa diktadurang Marcos, may iba pang sumunod nitong nakaraang ilang taon. Sa nga ito, may nga gustong patuloy na lumabok sa rebolusyon at magpamuled ng sarling organisasyon.

May iba pang grupong pinamumunan ng nga kilalang personahe sa loob ng simbahan, sa hanay ng nga propesyonal, sa nga nagtatangol sa kalayang sibil, at iba pa, na aktibo ring sumasalungat sa pasistang diktadura at nag-tataguyod sa anti-imperyalistang pakikibaka. Sa kanilang pagtulong sa nga demokratiko at makabayang pagkilos, naging bahagi na rin sila ng malawak na kilusang anti-pasista, anti-imperyalista at anti-pyudal.

Ang pangkating Marcos at ang nga karibal

Isa pang mahalagang pagbabago sa kalagayan ang pag-igting ng kunggalian sa pagitan ng pangkating Marcos at nga karibal nila sa politika. Kasabalan, nagsimulang totohanin ng ilang grupong anti-Marcos ang matagal na silang bantang gumamit ng dahas sa paglaban sa rehimeng Marcos. Kung ikalawang hati ng taong ito, ilang beses sa nagpaabog ng bomba sa Metro Manila ang ilang grupong konektado sa nga politikong anti-Marcos. Bago nito, isang grupo ang nanunog ng ilang establisimyento sa Maynila at isa pa ang nadiskubre na may plantang kudeta. Kahit tila sadalang nadis-organisa ang nga grupong ito nang salakayin ng pasistang militar, sinasalamin ng nga pangyayaring ito ang nabangis na sigalot sa loob ng nga naghaharing uri sa bansa. Dahil dito, lalong magkakabuhol-buhol ang nga pagtatangka ng pangkating Marcos na paawin ang nga karibal nila sa politika at bisuklin ang nga ito na tumulong sa pag-laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Umabante rin sa iba'ng bagay ang nga politikong anti-Marcos nitong naka-raang ilang taon. Muling sarabko at lumaki ang kanilang organisasyong pampulitika at sila naging koordinado ang pakikibaka. Samantalang naka-tali ang marami aktibidad sa nga gawa-gawang proseong parlamentaryo na

ipinagpatuloy ng pangkating Marcos, mas matapang at masigasig silang indimasdasya ang paglaban sa diktadurang Marcos. Marcos na sila sa Manila na nagawa nang malinaspalipatanan sa pangkating Marcos nang sa bunga ng imperyalismong EU, at naging mas interesado sa pagsalong ng kilusang masa. Kinikilala rin ng ilan sa Manila ang pangangailangan ng pakikipagtulungan sa Partido at rebolusyonaryong kilusan para ibagsak ang diktadurang Marcos.

Naging mapait ang alitan ng dalawang paksyon sa loob ng nagkakaisang ang mula nang ipatow ang paghahang militar, pero walang kalaban-laban ang mga karibal ng pangkating Marcos noong unang mga taon. Nabigla sila nang huwag at hindi nakahanda sa sunod-sunod na pagsalakay ng pangkating Marcos. Kaya unlunang ang Manilang maidnaryang pampulitika at nagkalive-kivalo ang mga pangunahing liwer nila. Bumaliktad at naribolber naman sa bagong ayo ang karanihan sa mga taohan nila na nasa posibyon ng mga profinsya at munisipalidad.

Paulit-ulit silang pinipit at nilunagan ng pangkating Marcos, samantalang nagpursigi sa pakikibaka at pagsulong ang armadong pakikibaka at kilusang masa na pamununo ng Partido. Sa tulak ng mga pangyayaring ito, muling inayos nila ang kanilang organisasyon nitong mga huling taon ng nakaraang dekada; naging mas aktibo sila sa paglaban sa diktadurang Marcos, at lumakas sila.

Sa kabilang banda, malaki pa rin ang lamang sa kanila ng pangkating Marcos; sabik sila sa kapangyarihan pero dehado ang kasalukuyang tayo sa labanan. Hindi rin pare-pareho ang takbo ng isip nila. May mga lider silang sukdulan ang pagsamba sa imperyalismong EU, takot sa nagtatabunggong masa at kumikiling sa pakikipagkasundo sa diktadura. Kaya hindi nawawala sa mga pulitikong anti-Marcos ang pagiging sabuway, pag-urong-sulong at hilig sa pakikipagtawaran sa pangkating Marcos. Lalo pang dapat maiyagan ang mga sakit nilang ito ngayong nag-aalok sa kanila ang pangkating Marcos ng mas malalaking konsesyon at upo sa gobyerno ng Estados Unidos ang administrasyong higit pang kumakampi sa rehimeng Marcos.

Kaya samantalang kinikilala natin paborableng-oplik ang pag-igting ng alitan sa pagitan ng pangkating Marcos at mga karibel nila, hindi dapat umasa nang labis dito. Habang handa tayong makipagtulungan sa mga pulitikong anti-Marcos sa mga praktikal na pagkilos na magtusulong sa pakikibaka sa diktadura, naging handa rin tayo sa posibilidad kahit ng maraming pagsuko at yakapan pagsabwatan nila sa rehimeng Marcos.

Ang diktadurang Marcos

Tungkol sa katayuan ng diktadura ang buli at ikaapis na katangian ng kasalukuyang sitwasyon. Nakalalamang pa rin ito nang malaki sa militar, organisasyon, pinansya at suportang dayuhan, at hindi natin dinaliimutan maski sandali ang katotohanang ito. Inaasahan di natin lalaki ang suporta ng imperyalismong EU sa rehimeng Marcos dahil sa pag-upo ng administrasyong Reagan. Pero higit pang malubha ngayon ang pagkakahiwalay nito sa malawak na masa at mas malaki't malakas ang mga paghamon sa paghahari nito. Dumarami ang mga sagkang nakakasalubong ng diktadura sa pagpapakalma sa galit ng taumbayan at patuloy na pagpapatay ng kagustuhan nito.

Kasabay ng malalaking krisis sa pulitika ng naghahaing sistema, nagkakasamin-sapin ang mabibigat na problema sa ekonomya. Hindi nakontrol ang implasyon, at taun-taong lumulubha ang problema sa dis-omplayo. Nakasungla ang kabuhayan ng bansa at baon ito sa utang sa mga dayuhang nauuro. Humihingi ng mas malaking garantya sa kanilang pagpapautang ang mga dayuhang bangko kahit kunahukot na sila ng limpak-limpak na interes at sari-saring pakinabang. Sa pamilihan sa ibayong-dagat, ang mga eksport ng Pilipinas ay tinatamaan ng kung anu-anong paghihigpit at bumabagsak ang presyo dahil sa di maluhas na krisis ng kapitalismo sa buong daigdig. Para mabigyang kasiyahan ang sariling kasakiman at ang walang-katapusang kalungan at

pakinabang na kinikingi ng malaking kapitalistang dayuhan at lokal, lalong pinipiga ng rehimeng Marcos ang labis nang naghihirap na kamanggagawa. Dapat at mas matamis na nga bawas at iba pang kalamidad ang kinaharap ng mamamayan na hindi na nga makamasid at sabilis na pagtaas ng nga presyo. Samantala, tinatakot ng dinidil ng pangating Marcos ang nga kongresowa para ampigilan ang pagtaas ng sahod.

Inimbanda ngayon ng diktadura ang mas malakalas na pilabas para linlangin ang mamamayan pagkatapos pinalitan ang nga tamang tanga bitong tulad ng pagtatayo ng palaipilalang parlamento at pagkunan ng dalawang rilutong "eleksyon". Ibinabandera ni Kontrildang siya ang "pag-alis sa batas militar sa darating na "ad". ang "pagtapos ng "panutong tranelasyon at eleksyon para sa regular na Pambansang Asamblya sa 1984", at ang pag-apyenda sa konstitusyong Marcos kaugnay ng nya planong ito. Lahat ng bubong na ito ay higit pang nagpapakapal sa takip sa pasista't autoratikong pag-kari nang hindi tunay na sinasoling ito. Sa pamamagitan ng sunuting pampalubag-loob at nagagarbong salita, inaakala ng kliktadura na mapapangat ang tanlag na mahalamnan ang pagmamay sa kanyang paghahari, at makamamlocna siya para saluwag na makarisale sa nga galamar, lalum na Partido at rebolusyonaryong kilusan. Kung gayon, natiwasay na napahatas ang monopolyo ng pangating Marcos sa kapangyarihan at ligtas ang walang-katumbas na nga pakinabang nila mula sa pasista't autokratikong paghahari.

Walang batuturan para sa mamamayan ang "pag-alis ng batas militar" at ang "eleksyon para sa regular na Pambansang Asamblya" na ipinapakilala ng diktadura. Matapal nang nilagalim ng Konstitusyong Marcos at ng nga huwad na plebisito't referendum ang monopolyo ng pangating Marcos sa kapangyarihan ng nga lokal na rasksyonaryo. Gayundin ang dean-dang dekreto at utos na nagpapahigpit at nagpapatupad sa monopolyong ito. Nakapaloob na sa buong sistema ng nga batas ng Pilipinas ang kapangyarihang kailangan ng pangating Marcos para patagalin nang walang taning ang paghahari nila. Nagpapatuloy ding walang makabuluhang sagabal sa batas ang paggamit nila sa kapangyarihan at sa pasistang militar para sa interes nila at ng kanilang nga kasamang dayuhan at katutubo. Dagdag pang suhay sa kapangyarihan ng pangating Marcos ang pagkontrol sa malaking bahagi ng kayamanan ng bansa na nakuha nila dahil sa paghaharing militar. Sa kabila ng "pag-alis sa batas militar", nga "eleksyon" at "normalisasyon", nagpapatuloy ang kasyusang inilunsad ng paghaharing militar noong 1972. Babaguhin lamang ang tatak nito.

Gayunpaman, may dala-talang panganib na nakalinlang sa mamamayan, partikular sa nga atrasado pang seksyon ng populasyon, ang nga bagong pakana ng diktadura. Mahigpit ang pagkontrol nito sa nga modernong instrumentong nagagamit para lunurin na kasinungalingan at pangako ang mamamayan. Mas malaking bahagi ng populasyon ang di sabisang naabot ng rebolusyonaryong kilusan; at kung gayo'y posibleng mapasakay sa nga iluryong parlamentarye na ipinalalagang ng diktadura. Kaririyan din ang kabuway at napakomprosisong grupo at personang sa "oposisyon" at sa paligid nito, na laging nakahang sa pagsunggab ng anumang konsesyong galing sa diktadura. Madali silang napatahimik basta't "makabuluhan" ang konsesyong tinatanggap nila. Total, ang tunay na hinahanol nila ay kalusugan para sa sarili at para sa limitado't may-kayang hangi ng populasyon, kung mamari. Sa walang-tigil na pagsamalobra at pakikipagtawaran nila, tumutulong sila sa diktadura para pawing kapani-paniwala ang nga parlamentaryong palinas na inilalako nito at pagpurulin ang pagkukusa at determinasyon ng mamamayan sa rebolusyonaryo't mapagpasyang pagdurog sa diktadura at sa buong napanil na sistema.

Mainam na kalagayan para sa rebolusyon

Kung lalagusin, napakainam ng pangkalahatang kalagayan para lalong sa mas mawalad na anten ang rebolusyonaryong pakikiheka sa diktadurang Ed-Marcos. Lalo pang umigting ang nga maligang kontradikseyon ta bagan at nililigalig ng malalim na pagkakahati ang nga naghaharing uri. Ramdot sa Manuay na

posisyon ang remolasyonaryong pwersa para ilayag pabalik ang pwersa ng ang entidad dagman ang diktadura. Sa ngayon dapat ng lam, ilan lalo pang lalalim at lalawak ang Partido, nakbong bayan, kilusang masa at mapakalang prente; ilang higitang ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka; at magpangalit ang iron ng nga pakikibakang masa.

Ang ating nga tungkulin

Sa ating gawaing pampulitika, dapat bigyan ng partikular na pansin ang paglalantad at pagsuka sa nga bagong pakana ng paalistang diktadura lalong komprehensibong lalunsalong ang kilusang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista. Matiyaga't malawakang ipaliwanag natin sa masa ang nga lunsang na pangako at tusong layuning nasa likod ng nga pasistang ito. Gawin rin ito sa nga lugar na dati nang kinikilusan at nang higit pang pasipunan sa nga lugar at nanamayan na bago pa lamang mauugnayan. Ginagawa ng diktadura ito't ibang paraan para maging lehitimo ang pagbabaril nito at matabunan ng nga palabas ang paggigit ng masa sa nga pundamental na pagbabago. Tungkulin naman nating walang-lubay na patingkarin ang nga taktis sa nga maligang anti-rasin ng bayan at ang wastong solusyon sa nga ito, sa walang iba kundi ang demokratikong rebolusyong bayan.

Ang militante at mas maniglа pang pagsilang ng rebolusyonaryong kilusan sa bunong hanna ang pinakaepektibong sandata natin laban sa nga pakana't pag-papangrap ng diktadura. Malaki na rin ang bilang ng sulong na masang napu-pukaw at naoorganisa natin. Kailangang ilang dlit pang palakasin ang nga pakikibakang pinangunahan ng pwersang ito sa kanayunan at kalunsuran. Sa pamamagitan ng kanilang rebolusyonaryong halimbawa, pilang mas malaki pang bilang ng mamamayan ang mahikmok tungo sa rebolusyonaryong landas at kanilang ilifibing ang nga tangkang manlinlang ng diktadura at sa kalamna'y ang diktadura mismo.

Kasabay nito, linawin natin na ang nusang turay na paglulunsang sa nga restrikyon ng pagbabaring militar ay bentahe para sa mamamayan at rebolusyon, at sa kabuna'y disbentahe sa diktadura. Kaya nga't hindi tayo mauliwil na paglaban sa nga restrikyong ito. Sa pamamaytan ng sahirap at matapang na pakikibaka, patuloy na nilalunsag ng masa ang patung-patong na saga at pagbubunal sa nga demokratikong karapatan at pagkilos. Gusto natin pala-wagin hanggang makakaya ang larangan ng bayang na pakikibaka na bukas na mamamayan. Laging handa ang Partido na samantalahin ang nga paglulunsay, hindi para itali ang sariling kamay, kundi para ibaye pang lalong ang kilusang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista.

Laging estam ang pagpepahalaga natin sa kilusang masa at dapat samanta-lahin ang lahat ng pagkakataon para lalong ito. Pamularin natin nang husto ang kilusang masa ng nga manggagawa, magsasaka at estudyante; payabin ang kilusan ng ibang progresibong sektor ng lipunan. Nangnais natin palakasin ang nga organisasyong masa, itaas ang antas ng nga pakikilakang masa, at palahuin ang mas marami pang kamamayan sa nga rebolusyonaryong pagkilos.

Malaki ang tungkulin natin sa pag-organisa sa masa sa kanayunan o kalunsuran man. Sa maraming lugar, ang bilang ng masang nakapaloob sa nga organisasyon ay masyadong nahahuli sa bilang ng tuwirang nalimplunsayahan. Kinikilala natin na sahuang na palatandan itong hali ng nga tagumpay natin sa gawaing propaganda at ng laganap na pagnais ng masa sa rebolusyon. Gayunpaman, alam na alam natin hindi sapat ang sulawak na implusanya sa pulitika para magsapanan ang malalaking gawain sa rebolusyon. Kailangan ang matibay na organisasyon para ang masa ay maging tunay na sang ng rebolusyon. Kaya habang patuloy na pinag-ibayo ang gawaing propaganda, kailangang higit pang pagbutihin ang ating gawain sa pag-organisa.

Sa pinakamaraming lugar, buuin natin ang nga lihim na grupo at kasiter, pang-organisa; at pamularin ang nga ito, sa pinakamalilie na paraan, para maging ganap na sa ahang mag na sumamalay sa paraan sang paraming mamamayan at palawak nang sulawak na teritoryo. Dapat pamularin ang nga sahang mata

sa nga batayang antas. Bukod dito lalong nagiging mahalaga ang pagpapalakas sa nga organisasyong masa sa antas ng bayan patasa para samasa na nga pakikibakang masa na lampas na na baryo, pabrika, eskwelahan o komunidad ang antas ng koordinasyon. Bukod sa nga sarisang linis, dapat pamularin ang nga bagong na organisasyong masa, lalung sa kalunsuran. Sa pag-oorganisa sa masa, patuloy na bigyan natin ng masusing pansin ang paliptunang pagpaiiyasat, rebolusyonaryong linya sa uri solidong pag-oorganisa at sarandhang pagpa-nay sa aktibistang masa.

Habang inasasikaso ang nga gawain na organisasyon, kailangang patuloy na palawakin ang nga pakikibakang masa sa kanayunan at kalunsuran. Mabilis na bumibigat at nagiging masalimuot ang tungkulin dito. Kaya dapat bigyan ng malaking pansin ng nga namumunong komite ng Partido.

① Sa kanayunan, isulong natin sa mas matasa pang antas ang nga kampanyang anti-pyudal; ibig sabihin, itasa pa ang antas ng koordinasyon, taryet at nga anyo ng pakikibaka kaugnay ng kampanya para ibaba ang upa sa lupa, itasa ang sahod at pawilin ang usura. Sa darating na nga taon, dapat na mas sistematiko mas pusposan at mas malawakang maipatupad natin ang minimum na programa ng rebolusyonaryong reporma sa lupa. Kaya lalong mahalaga ang pagsusuap ng nga panlipunang pagsusiyasat sa nga baryo at detalyadong paghubalak sa nga kam-panya natin. Higit na pasiglahin din natin ang nga aksyong masa laban sa pasistang pang-abuso at nga pagkilos kaugnay ng nga isyung pambansa. Bukod sa masang magsasaka at manggagawang bukid, dapat bigyan ng kaukulang pansin ang pagsusulong ng pakikibaka ng iba pang progresibong sektor na masa kanayunan.

② Sa kalunsuran, patuloy tayong magpunyagi sa pag-ipon ng lakas sa nga pabrika, eskwelahan at komunidad at sa pagtatagayod ng nga pakikibakang lale-hukan ng pinaka-marasing tao mula sa iba't ibang demokratikong uri't sektor. Kasabay nito, dapat hakbang-hakbang at binalak na palakihin at padalasin ang manasaklaw na aksyong masa sa lansangan na magiadala sa nga komprehensibong layunin ng rebolusyon. Sa nga pakikibakang masa, kailangang mahusay na pag-kumbinasyunin ang nga layuning komprehensibo at partikular, at ang nga layuning matagalan at kagyat. Kung mahusay na napag-ugnay ang nga ito, tuloy-tuloy na susulong ang kilusang masa hanggang maging mas palagim ang malalaking aksyong masa na paulit-ulit na yayanig sa diktadura.

May natatanging pagpapahalaga tayo sa kilusang masa ng manggagawa. Kasa masagang nga yugto pa lamang ang ating pagbubuo ng lakas sa hanay nila, kung isasaalang-alang ang dambuhalang responsibo ng rebolusyonaryong anghiya sa angkin nila at ang malalaking sagka na kailangang mapangibabawan. Kailangan natin ang isang maka-pangyarihang kilusang masa ng manggagawa para lalong maging matiyumo ang proletaryong gulugod ng buong rebolusyonaryong kilusan. Kaya dapat na ilang ulit pang palawakin ang ating ugnay sa masang manggagawa at papag-alabin ang kanilang diwang palaban. Higit pa nating palagunapin ang nga welga't pakikibakang pang-ekonomiya sa nga pabrika. Kailangan ding sistematikong paghandaan ang nga pangkalahatang welga sa hinaharap at hakbang-hakbang na itasa ang pakikibakang pang-ekonomya sa antas na pakikibakang pampulitika.

Pangunahing tungkulin din ng Partido ang ibayong pagpapalakas sa hukbong bayan at pagpapaigting sa pakikidigmang gerilya. Mabilis nating nilalapasan ang masgang sub-yugto ng estratehikong depensiba ng ating digmang bayan at tinutungo ang mas abanteng sub-yugto. Mula sa yugto na pangunahing tungkulin ang palagunapin sa buong kapuluan ang pakikidigmang gerilya, tumutungo tayo sa yugto ng pangunahing tungkulin ang paigtingin ito.

Hindi tayo titigil sa pagpapalagunap ng pakikidigmang gerilya hanggang hindi nito nasasaklaw ang buong kapuluan, pati ang nga syudad. Pero sa kagyat na hinaharap, magiging mas mahalaga ang pagbubuo ng mas matatag at mas malalaking baseng gerilya at mas malalawak na lunggang gerilya; ang pagpa-padalas at pagpapalaki sa nga taktikal na opensiba hanggang sa maging tuloy-tuloy ang pag-igting ng nga ito; at ang pagpapaami't pagpapalakas sa nga

ganap na pwersang gerilya ng buong bayan. Sa pagpapaunlad ng mga larangang gerilya, lalung na sa mga baryo, maramatiling prinsipal na tungkulin ang gawaing masa. Pero papaloobin ang papel ng gawaing militar at magiging prinsipal ito sa [illegible]

Para sa pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya, kailangan natin ang mga larangang gerilya na malawak, may aktibong baseng masa na mahusay ang organisasyon, organisasyon ng buong bayan na sapat ang lakas, at matibay na organisasyon at pamumuno ng Partido. Dapat paunlarin ang gapitong larangang gerilya sa mga piling bahagi ng kapuluan para matiyak ang koordinadong pagsulong ng pakikidigma sa buong bansa. Sa mga larangang gerilya, magiging tayo ng mas malalaking baseng gerilya sa mga angkop na bahagi at dito'y pasiglahin na pauunlarin ang mga sangkap para sa paglakas ng demokratikong kapangyarihang bayan. Palalakasin natin ang mga ganap na pwersang gerilya sa pamamagitan ng pagsisimula sa pagpapatami ng mga ganap na iskwad at platung gerilya sa antas ng larangan at distrito. Malawakang bubuuin ang mga yunit ng milisyang bayan. Bibigyan din natin ng partikular na pansin ang maramihang pagbubuo ng mga yunit partisano, na kikilos sa loob at paligid ng mga syudad at poblasyon. Palalaganapin at pasisiglahin natin ang mga ambus, reyd at pakikidigmang partisano; at palalawakin ang partisipasyon ng masa sa mga gawaing militar. Isisistematisa din ang pagsasanay ng mas marami pang kadreng militar at mga mandirigma.

Isang kagyat at mahalagang tungkulin ng Partido ang pagbubuo ng pambansang organisasyon ng nagkakaisang prente. Higit na paunlarin natin ang relasyon at pakikipagtulungan sa ibang nagsasariling rebolusyonaryong organisasyon at grupo; at ating lilikhain ang kinakailangang makinarya para syusin ang koordinasyon sa pagitan natin at nila. Kasabay nito, hakbang-hakbang na paunlarin na ang mga organo ng demokratikong kapangyarihan sa kanayunan. Sa antas ng bayan, distrito at probinsya, bubuuin din ang mga organisasyong may katangiang nagkakaisang prente. Sa kalunsuran, bukod sa pagbubuo ng mga lihim na organisasyon ng nagkakaisang prente, patuloy ding paunlarin ang iba't ibang tipo ng mga alyansang kinabibilangan ng iba't ibang organisasyon, grupo at indibidwal na handang magsulong sa mga pakikibakang anti-pasista, anti-imperyalista at anti-syudal. Habang matamang pinangangalagaan ang kasarinlan at pagkukusa ng Partido at tinitiyak na hindi matatangay ang paninindigan ng proletaryado sa sari-saring programang naglilitawan ngayon mula sa iba't ibang organisasyon at grupo, kailangang pursigidong pahigpitin natin ang pakikipagkaisa sa ibang rebolusyonaryong organisasyon. Handa rin tayong makipagtulungan sa iba pang pwersang lumalaban sa diktadura kaugnay ng mga partikular na talak at pagkilos, basta ito'y makatutulong sa pagsusulong ng interes ng sambayanan at rebolusyon. Dapat na aktibong samantalahin natin ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga kaaway at lalo pang paigtingin ito para ihiwalay ang mga sagad-saring reaksyonaryo.

Mas masalimuot at mas mabibigat ang mga tungkuling hinaharap ng Partido. Dapat ibayong palakasin ang Partido para matugunan at mapamunuan ang pagtupad sa mga ito. Higit nating paunlarin ang ating kaalaman sa mga partikular na katangian at pangangailangan ng digmang bayan sa buong bansa, sa iba't ibang lokalidad, at sa kasalukuya't susunod na yugto. Kailangang mas masinop at mas masigasig na magsaliksik at magsiyasat sa iba't ibang antas. Kasabay nito, sistematiko nating pasiglahin at paunlarin ang pag-aral sa Marksista-Leninistang teorya. Magbabalangkas at magpapalagunap tayo ng mga regular na kurso ng pag-aral hanggang sa sulong na antas; magdaraos din tayo ng mga kumperensya hinggil sa mga usaping teoretikal at praktikal. Bilang pangkalahatang resulta, nais nating itaas ang antas sa teorya ng buong Partido; higit na linawin ang mga prinsipyo, oryentasyon at patakaran ng Partido sa iba't ibang linya ng gawain at saklaw, at paunlarin ang ating kaalaman at kakayahan sa pamumuno sa mga rebolusyonaryong gawain.

Kailangan ding ilang ulit na palakihin ang organisasyon ng Partido at patatagin ito sa lahat ng antas. May mahusay na batayan para mareklute sa Partido ang mas marami pang sulong na aktibistang masa at Pulang mandirigma.

Dapat magpangahas na palawakin ang Partido kabang di pinaloloobot ang mga elementong di kanais-nais. Bigyan din natin ng pansin ang pag-ayos ng paghuhanda ng mga kandidatong kasapi at pag-sangat sa kanila sa ganap na kasapi pa taman; panahon. Maramihang buuin natin ang mga sangay at grupo ng Partido sa mga katayang antas, samantalang pinalalakas ang mga komite't organo ng Partido sa mga sektyon, distrito, probinsya, rehiyon at antas ng buong bansa. Ang target natin sa kabuuan na darating na dlang taon ay ang pagbubuo ng malalakas at solidong organisasyon ng Partido sa mga distrito. Mula sa antas ng distrito pataas, tiyakin natin ang mailis na natitipon kung kailangan at makapagkokonsentra sa mangkalahatang pamumuno ang mga komiteng tagapagpganap o kalihiman ng Partido. Kasabay nito, higit pang mahalaga ngayon ang pagbubuo ng mga kilusangang espesyal na organong makakatulong sa pamamuno ng mga komite ng Partido sa mga antas na ito. Mangangailangan ng lihu-libong kadre ang Partido para mahusay na magampanan ang mga tungkulin; kaya dapat magkaroon ng pagbasalak at sistema para na pagpapalitan, pagsasang at pangunalaga ng mga kadre sa iba't ibang antas ng responsibilidad at lanya ng gawain.

Ang mga tungkulin sa ibayong-dagat

Habang tumatag ang antas at umigting ang rebolusyonaryong pakikibaka sa bansa, lalong lumalaki ang pangangailangan sa mga gawain ng Partido sa ibayong-dagat. Lalong umiinam din ang kalagayan para dito.

Nitong nakaraang mga taon, lumawak ang pakikipag-ugnayan natin sa mga kapatid at kaibigang bayan, kilusan, partido at organisasyon, lalung sa Aprika, Gitnang Silangan at Silangang Asya. Naabot ng gawain natin ang maraming bagong lugar at unami tayo ng mahahalagang pakinabang sa propaganda at suporta para sa rebolusyong Pilipino. Mataas ang prestihiyo ng Partido at rebolusyong Pilipino sa ibayong-dagat at maraming gusto at handang tumulong dito.

Napakahalagang palawakin pa ang ating ugnay sa ibayong-dagat. Natural na direksyon ito ng mga pagsisikap natin sa gawaing internasyonal at lubhang mahalaga sa kasalukuyan dahil sa umaangkop tayo sa mga pagbabago sa labas ng bansa na may tuwirang epekto sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino. Ilang ulit pang mapaunlad ang gawaing ito, pero hindi pa nati. maluluboo ang malaking reserba ng suportang nalilikha ng patuloy na pagsulong ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya at rebolusyong sosyalista.

Batid naving di mahihiwalay na bahagi ang rebolusyong Pilipino ng rebolusyong proletaryo sa buong daigdig. Sa ubos-kayang pagsusulong sa rebolusyong Pilipino, ibinibigay na rin ng Partido ang pinakamalaking ambag nito sa pakikibaka ng proletaryado at mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismo. Tinutupad natin ang pinakamataas na responsibilidad natin hindi lamang sa mamamayang Pilipino, kundi pati sa proletaryado at mamamayan ng lahat ng bayan. Kung maitataboy ang imperyalistang EU sa Pilipinas, mapatatalsik siya sa isa sa natitirang pinakamatitibay na pugad niya sa Asya at tiyak na ibayong hihina ang kapangyarihan niya sa buong daigdig. Samantala, nagsisikap din tayong makapagbigay ng ibang kongkretong tulong sa mga rebolusyon sa ibang bayan.

Pinalalawak din natin ang gawain sa hanay ng ating mga kababayang nasa ibayong-dagat. Kabilang sa mga uring pinagsasamantalahan at demokratiko ang mayorya sa kanila. Sabik na sinusubaybayan nila ang mga pangyayari sa Pilipinas at laganap sa kanila ang pagtutol sa diktadurang EU-Marcos. Pinupukaw at inoorganisa natin sila para mahigpit na mapagkaisa at mapaklos sa pagsuporta sa rebolusyong Pilipino sa iba't ibang paraan. Sa gawaing ito, tulad ng sa Pilipinas, nakakasalubong tayo ng mga grupo't indibidwal na iba-iba ang dinadalang pa raw sa pulitika. Kaya dapat ding magpakahusay ang mga kasama sa ibayong-dagat sa pakikipagkaisang prente at pakikipagtulungan sa lahat ng may positibong maiaambag sa pagsusulong ng kasalukuyang pakikibaka sa diktadurang EU-Marcos. Bukod sa pagpapadala ng suportang materyal sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, dapat ding hikayatin ang ating mga kababayan sa ibayong-dagat na ihanda ang sarili sa pag-uwi para tuwirang lumahok sa rebolusyonaryong pakikibaka rito.

Gumaganap ng susing papel ang mga kababayang nasa ibang bansa sa paggpapalaganap ng propaganda para sa rebolusyong Pilipino at paghimok sa pinakamalawak na pagsuporta ng mamamayan sa bayang tinitigilan nila. Napakainalagang nito lalluna sa Estados Unidos dahil sa panghihimasok sa Pilipinas ng mga imperyalistang EU at posibilidad ng muling pagsalakay nila sa himagsikan. Nag-aaral ng Marxismo-Leninismo ang pinakaprogresibo sa mga kababayan natin sa ibayong-dagat at natural na maging interesadong-interesado sila sa rebolusyon sa bayang tinitirhan nila. Gayunman, dapat ingatang nasa wastong lugar ang pakikipagrelasyon natin sa iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon at hindi tayo labis na nabubuyo sa mga usaping panloob nila. Samantalang nagmamatyag sa mga kilalang mananabotahe at manggugulo, tulad ng mga ahentang rebisyonista at mga Trotskyista, dapat paunlarin ang pinakamalawak at pinakamabungang pakikipag-ugnayan sa mga kaibigang dayuhan.

Matamang sinusubaybayan at pinag-aaralan natin ang mga pangyayari sa daigdig, lalluna ang may malaking kinalaman sa rebolusyong Pilipino at rebolusyong proletaryo sa kabuuan. Determinadong isinusulong ng proletaryado at mamamayan ng daigdig ang pakikibaka laban sa imperyalismo, kolonyalismo at hegemonismo; at nililikha nila ang pangkalahatang kalagayang napakapaborable sa pagrorebolusyon. Samantalang umiigting ang tunggalian ng dalawang superpower para sa hegemonya sa daigdig at tumitindi ang pagsasamantala't pang-api nila sa ibang bansa at mga mamamayan, lalo silang kinamumuhian at nababaon sa malulubhang problema sa loob at labas ng sariling mga bayan nila.

Bunga ng agresibong pagpapalawak ng Unyong Sobyet sa Asya at Aprika, nagkakaroon ng mahahalagang pagbabago sa pagkakahanay ng mga puersa sa daigdig. Apektado tayo ng mga pagbabagong ito lalluna't malapit sa Pilipinas ang mata ng isang unos na nalikha ng agresyong Sobyet. Isang malaki at kagyat na negatibong epekto nito ang higit na pagpapatigas sa posisyon ng imperyalismong EU sa Pilipinas. Gayunpaman, nananatiling prinsipal na kaaway natin ang imperyalismong EU, tulad sa malawak na bahagi pa rin ng daigdig. Mahalagang rekisito sa pagsulong at pagtatagumpay ng rebolusyong Pilipino ang patuloy na paglawak at paglakas ng nagkakaisang prente sa buong daigdig laban sa imperyalismong EU.

Kailangang maging higit na alisto tayo sa panghihimasok ng imperyalismong EU sa Pilipinas. Bilang bahagi ng mas agresibong patakarang panlabas na itinataguyod ng imperyalismong EU, nais na higit pang patatagin ng bagong administrasyong Reagan ang pagkontrol at posisyon nila sa mga bayang kanilang dinodominahan. Hindi pa man umuupo'y saingay na ginagarantyahan na nito ang mas malakas na pagsuporta sa mga pasistang diktador na papet ng imperyalismong EU. Kaya lalo pa nating pag-ibayuhin ang paglalantad sa imperyalismong EU sa loob at labas ng Pilipinas.

Sa Timog-silangang Asya, ginagamit ng imperyalismong EU ang mga papet na pasistang diktadura sa Pilipinas, Taylandia, Malaysia, Indonesia at Singapore para patuloy na makapagsamantala sa mga mamamayan, labanan ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya, at ipagtanggol ang kanyang teritoryo sa pang-agaw ng Unyong Sobyet. Pinatatampok ngayon ang papel ng Asosasyon ng mga Bansa sa Timog-silangang Asya (ASEAN) na hindi raw organisasyong militar. Pero ginagamit pa rin ng imperyalismong EU ang kasunduang nagbuo sa nabuwag nang SEATO para igiit ang kanyang panghihimasok sa rehiyon sa pamamagitan ng militar. Kasama ng imperyalismong EU ang imperyalismong Hapones sa pagsusuhay at pakikinabang sa ASEAN at mga pasistang diktadura sa rehiyon.

Nananatiling matatag ang pagtutol natin sa agresyon at panananakop anuman ang maging balatkayo nito. Kaya habang puspusang isinusulong ang pakikibaka sa imperyalismong EU, inilalantad din natin ang kabilang superpower at nagmamatyag tayo sa mga manibobra nito.

Komiteng Tagapagganap
Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

Disyembre 26, 1980